

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ang programang Patio Brampton para suportahan ang mga lokal na restawran sa panahon ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Hunyo 24, 2020) – Sa araw na ito, papayagan ng Pamahalaan ng Ontario na pumasok ang Rehiyon ng Peel sa Yugto 2 ng muling pagbubukas, na nagpapahintulot sa mga restawran at mga bar sa Brampton na magbukas para sa pagkain sa mga lugar sa labas. Para suportahan ang pagbabago na ito, inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang programang Patio Brampton. Ang programang ito ay mas magpapadali sa mga restawran at bar na palakihin ang kanilang mga bakuran at panatilihin ang paglayo mula sa iba sa labas. Sa pamamagitan ng programang Patio Brampton, mas maraming residente ang makakalabas para mag-enjoy sa klima ng summer, at suportahan ang mga lokal na negosyo.

Ang mga lokal na negosyo ay gumaganap ng mahalagang papel sa ekonomiya ng Brampton, at committed ang Lungsod sa pagsuporta sa mga ito sa kanilang pagbangon mula sa mga epekto ng COVID-19 pandemic. Ang programang Patio Brampton ay magtitiyak ng mas mabilis na pagproseso ng mga application ng permit, at magpapahintulot sa pagtanggap ng mga bayad para sa bangketa, paradahan at mga bakuran sa mga curb lane hanggang Enero 1, 2021.

Magiging available ang dalawang opsyon para palakihin ang mga espasyo sa labas:

- **Pansamantalang Pagpapalaki ng Bakuran sa Loob ng Pribadong Propyedad** – ang opsyon na ito ay magpapahintulot sa bagong pansamantalang mga bakuran at pansamantalang pagpapalaki ng umiiral na restawran at mga bakuran ng bar sa loob ng pribadong propyedad, kabilang ang mga paradahan.
- **Pansamantalang Pagpapalaki ng Bakuran sa Propyedad ng Munisipyo o sa loob ng Karapatang Daanan ng Publiko (Public Right of Way)** – ang opsyon na ito ay magpapahintulot sa paglikha o pagpapalaki ng mga bakuran sa propyedad ng munisipyo, kabilang ang mga karapatang daanan ng publiko (mga bangketa).

Pahihintulutan lamang ang pansamantalang mga bakuran para sa established na restawran, mga bar at iba pang mga establisyemento ng pagkain at inumin. Ang mga negosyo ay kailangang may balidong liisensya/rehistrasyon para magbukas. Ang naaakses na mga espasyo sa paradahan ay kailangang mananatiling available para gamitin sa pagparada at pag-access, at ang pansamantalang ekstensyon ng bakuran ay hindi maaaring nasa loob ng itinalagang daanan ng bumbero o mga trianggulo sa interseksyon. Ang makatwirang bilang ng standard na espasyong paradahan ay dapat imimintina para paglingkuran ang mga tagatangkilik ng restawran at bar.

Ang application para sa isang Pansamantalang Pagpapalaki ng Bakuran ay available sa [website](#) ng Lungsod at maaaring isumite online sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod. Ang proseso ng pagrebyu ng application at ang mga timeline ay i-streamline para sa mga may-ari ng restawran, habang pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng staff sa panahon ng nagpapatuloy na COVID-19 pandemic.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagkuha ng permit, bumisita sa [pahina ng Patio Brampton](#).

Committed ang Lungsod ng Brampton sa pinagsamang pagbangon ng komunidad mula sa COVID-19 at sa kalusugan at kaligtasan ng staff at mga residente. Titiyakin ng Patio Brampton na ang mga

negosyo ay maaaring patuloy na ligtas na magbubukas habang iginagalang ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba at ang anumang iba pang pampublikong mga patnubay o mga kautusan na pangkalusugan na inisyu ng Pamahalaan ng Ontario.

Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya

Ang mga lokal na negosyo ay gumaganap ng mahalagang papel sa ekonomiya ng Brampton. Sa nakalipas na buwan, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Brampton, na kinabibilangan ng mga aksyon para suportahan ang mga maliliit na negosyo, mga restawran at turismo. Bilang bahagi ng estratehiyang ito, inilunsad ng Lungsod ang kampanyang “Suportahan ang Lokal” na humihikayat sa mga residente na saliksikin, piliin at bilhin ang lokal sa panahon ng COVID-19 at lampas pa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lungsod na suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa Twitter, Facebook at Instagram.

Mga Quote

“Habang lumilipat na tayo sa Yugto 2 at ang ating mga restawran ay nagbubukas ng kanilang mga bakuran, gusto nating siguraduhin na sinusupportahan natin sila sa pagpapalaki ng kanilang mga espasyo nang mabilis para samantalahin ang potensyal ng kanilang serbisyo habang tinitiyak na sumusunod sila sa mga patnubay ng paglayo mula sa iba mula sa Peel Public Health at sa Lalawigan. Samantalahin natin nang lubos ang magagandang mga bakuran na meron tayo sa Brampton nitong summer habang sinusupportahan natin ang ating mga lokal restawran.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mayroon tayong magaganda, sari-saring restawran sa ating lungsod na may iba’t ibang miyembro. Habang gumagalaw tayo tungo sa pagbangon, mas higit na ngayong mahalaga kaysa dati na ating Suportahan ang Lokal. Ang programang Patio Brampton ay magpapahintulot sa ating mga lokal na restawran na magbigay ng dagdag na espasyo para ma-enjoy natin ang klima sa summer sa mga bakuran habang sinusubukan natin ang mga bagong pagkain at sinusupportahan ang ating mga lokal na negosyo.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Co-lead, Task Force sa Suporta sa Ekonomiya; Lungsod ng Brampton*

“Gusto kong hikayatin ang ating lokal na mga restawran para isaalang-alang ang pag-aplay para sa lisensya ng pinalaking bakuran sa pamamagitan ng programang Patio Brampton. Committed tayo na gawing direkta ang proseso hangga’t maaari para mapahintulutan ang mga negosyo na mabilis na magkaroon ng ligtas, pinalaking serbisyo para sa ating komunidad”

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Co-lead, Task Force sa Suporta sa Ekonomiya; Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Working Group sa Muling Pagbubukas at Pagbangon ay nagsisikap para matiyak na handa tayo para sa bawat yugto ng muling pagbubukas, habang ginagamit ang tamang balanse sa pagitan ng pagsuporta sa ating ekonomiya at pananatiling ligtas ng publiko bilang unang prayoridad. Ang muling pagbubukas ng mga bakuran ng lungsod ay isang mahalagang elemento sa ating pagbangon at committed tayo na gawin itong maayos hangga’t maaari”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon*

“Ang Konseho at staff ay committed sa pagsuporta sa mga lokal na negosyo habang bumabangon sila sa mga epekto ng COVID-19 pandemic, habang nagpapatuloy sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng staff at mga residente. Matiyagang magtatrabaho ang staff para iproseso ang mga permit at mga application sa ilalim ng programang Patio Brampton para ang mga bar at mga restawran ay muling makapaglingkod sa komunidad nang ligtas.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

Ang pagtanggap ng mabilis na pag-apruba ay isang agarang usapin para sa maraming restawran sa taon na ito. Kudos sa Lungsod ng Brampton para sa pagpapadali ng pag-apruba ng mga ekstensyon ng bakuran ng restawran, sa buong lungsod. Ang polisiya na ito ay tutulong sa mga lokal na restawran na ligtas na paglingkuran ang kanilang mga customer sa panahon ng summer na pinaikli ng pandemic. Salamat Mayor, Konseho at staff.”

- *Todd Letts, CEO, Brampton Board of Trade*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca